

LABOR/MANAGEMENT CHECKLIST

PARA MAGING HANDA SA PAGSILAKBO NG COVID 19

Proteksyon ng Pasilidad

- Ang mga daanan pagpasok sa pasilidad ay kontrolado, ang mga bisita ay hindi papapasukin at lahat ng mga pasyente ay susuriin kung may mga sintomas at ihihiwalay/bibigyan ng mask kung mayroon silang sintomas.
- Mangakong huwag magpapasok ng mga indibidwal na may mga sintomas na tumanging magsuot ng mask.
- Mag-planong kunin ang temperatura ng sinumang taong papasok sa gusali pati na ang mga empleyado (patakaran para sa mga empleyado na may mataas na temperatura, PPE para sa mga kumukuha ng temperatura).
- Mag-planong dagdagan ang seguridad sa pagsilakbo dahil sa inaasahang paglala ng kaguluhan sa lipunan.
- Instalasyon ng mga harang na plexiglass sa lahat ng mga bintana na may interaksyon ng publiko (parsiya, admitting, etc).

Mga Personal na Kagamitan sa Proteksyon

- Ang pasilidad ay may plano na siguruhin na ang mga manggagawa ay may makukuhang angkop na PPE (Pag-aralan ang kasalukuyang imbentaryo sa ospital ng N95 respirator masks, surgical facemasks, mga takip sa mukha, mga gwantes, proteksyon sa mata at mga isolation gowns na nasa ospital at kung gaano katagal inaasahang tatagal ang stockpile).

- Mayroong malinaw na patakaran sa PPE at pagpapatupad ng patakaran sa karampatang pag-trato sa mga manggagawang nagbibigay ng serbisyo at teknikal na manggagawa.
- Ang “transparency” (pagkakaroon ng mga impormasyong kinakailangan at walang kalihiman o nakatagong agenda o kundisyon) ukol sa patakaran ng ospital sa pamamahagi ng PPE at ang patuloy na pagsusuri ng pagiging epektibo nito, na kabilang ang pagbibigay ng feedback ng mga manggagawa.
- Patuloy na pagsasanay at muling pagsasanay sa mga patakaran at protokol sa PPE pati na rin ang ligtas na pagsuot at paghubad ng PPE.
- Mga pag-iingat sa mga nakakahawang mikrobyong nasa hangin (airborne) sa pamamagitan ng paghihiwalay pati na ang paggamit ng N95 respirator masks/PAPRS/CAPRS sa lahat ng malapit na pakikipag-ugnay sa mga kinumpirma o pinaghihinalaang pasyenteng may COVID 19 at para sa sinumang staff na naroroon sa panahon ng napakadelikadong pamamaraan sa “aerosolization” ng virus.
- Malinaw na patakaran sa muling paggamit ng PPE at ang sterilization nito sa pagitan ng mga paggamit at training para sa lahat ng mga empleyadong nandoon.
- Malinaw na patakaran na ang sinumang staff na hindi nabigyan ng mask sa trabaho ay maaaring magdala ng mask galing sa bahay nila.
- Lahat ng mga elective/non-essential na serbisyo at operasyon ay kinansela para panatilihin ang PPE.

LABOR/MANAGEMENT CHECKLIST

CONTINUED

Ang Staff na Nalantad sa COVID-19

- Malinaw na protokol para sa lahat ng staff na nalantad sa COVID-19 at pati na ang antas ng pagkalantad kung saan ang mga empleyado ay papayagang patuloy na mag-trabaho o pauwiin.
- Malinaw na patakaran sa hindi pagkawala ng sahod, leave time, mga benepisyo o seniority pag na-quarantine dahil sa pagkalantad sa trabaho.
- Patakaran ng testing sa mga nalantad na empleyado.
- Ang mga nalantad na empleyado ay tinuruan kung paano nila po-protektahan ang kanilang pamilya sa bahay.
- Ang mga nalantad na empleyado ay binigyan ng PPE para protektahan ang kanilang pamilya sa bahay.
- Patakaran sa paninirahan sa hotel para sa mga empleyadong nagkaroon ng high risk exposure.
- Patakaran sa paglalaba ng mga scrubs sa pasilidad para maiwasan ang paglantad sa bahay.

Lawak ng Lugar/Kapasidad sa Paglago

- Plano na dagdagan ang kapasidad ng mga kama upang magkaroon ng sapat na espasyo sa paglago.
- Plano na ilipat ang mga pasyente pag naabot na ang pinakamataas na kapasidad.
- Plano na ihiwalay ang lahat ng mga pasyenteng pinaghihinalaan at inalam na may COVID-19 at dagdagan ang mga nakahiwalay na silid (isolation wards) para sa paglago.
- Plano na palawakin ang pasilidad sa ibang mga lugar (mga tent, lugar na inuupahan) at linawin kung paano magtatalaga ng staff at lilinis ang mga ito.

- Plano para tiyakin ang kaligtasan ng EVS pati na ang PPE at paglipas ng panahon bago ipagpatuloy ang paglilinis ng silid sa panahon ng pagsilakbo.

Paglago ng mga Tauhan

- Kalinawan ng anumang planong palawakain ang saklaw ng pagsasanay ng unyon ng mga kinakatawang klasipikasyon at pagsasanay para sa anumang nabanggit ng pagpapalawak.
- Kalinawan sa mga plano na gumamit ng mga non-clinical workers para matugon ang pangangailangan ng mga pasyente sa panahon ng paglago at pagsasanay ng mga naturang empleyado.
- Ang training ng mga empleyado ay nagsisimula na ngayon sa paghahanda ng mga gawain sa paglago ng mga tauhan.
- Plano sa paggamit ng overtime sa panahon ng paglago ng mga tauhan at para magpatupad ng mga pinakamahabang oras ng shift.

Suporta sa Staff

- Patakaran sa pamamahay ng high-risk staff (mas matanda sa 65, madaling kapitan ng sakit, hika).
- Patakaran sa pagtanggap ng mga empleyadong buntis sa direktong pakikipag-ugnay sa mga pasyenteng may COVID-19.
- Mga resources para tulungan ang mga empleyado sa mga isyung kaugnay ng pangangalaga ng bata/pangangalaga ng matanda.
- Dinagdagan ng mga resources para sa kalusugang pangkaisipan para sumuporta sa mga healthcare workers na nakakaranas ng kapaguran, trauma at pagkabalisa.